MINISTRY OF MANPOWER

PAGPAPAYO
(Updated 14 May 2021)

Bakuna Laban sa COVID-19 para sa Mga Migranteng Domestic Worker

Kailan ako maaaring magpabakuna?

>45 Ang mga migranteng domestic worker (mga MDW) na nasa 45 taong gulang pataas ay maaari nang magparehistro at makatanggap ng kanilang bakuna laban sa COVID-19.

<45 Mula sa huling bahagi ng Mayo 2021, maaari nang magparehistro ng kanilang interes ang mga MDW na wala pang 45 taong gulang at iimbitahan kayo kapag kwalipikado na kayo, alinsunod sa mga sineserbisyuhang pangkat ng edad.

Maaari ba akong magpabakuna?

Naaangkop ang mga bakuna laban sa COVID-19 para sa mga taong:

- ✓ May mga hindi gumagaling na kundisyon (hal. mga taong may hypertension, diyabetis, mataas na cholesterol, sakit sa puso)
- ✓ May hindi malalang allergic reaction sa gamot, pagkain, o mga kagat ng insekto
- ✓ May eczema o asthma (hika)

Bakit ako dapat kumuha ng bakuna laban sa COVID-19?

Magagawa ng bakuna ang mga sumusunod:

- Pigilan ang COVID-19 at bawasan ang mga kaso ng hawahan.
- Mabigyang-daan tayong makabalik sa mas marami pang aktibidad nang ligtas.
- Pigilan ang pagkakaroon ng labis na pasanin ng ating sistema sa pangangalagang pangkalusugan.
- Protektahan ang inyong sarili at ang mga taong hindi maaaring bakunahan dahil sa mga medikal na dahilan.

Paano ako makakapagparehistro para sa bakuna laban sa COVID-19?

1. Irehistro ang interes sa vaccine.gov.sg

2. Makakatanggap kayo ng SMS kapag kwalipikado na kayo, at kapag may available nang slot para sa pagbu-book.

Kung kailangan ninyo ng anumang tulong, pakitawagan ang MOH COVID-19 hotline sa 1800-333-9999.

Ligtas ang bakuna.

Magpabakuna laban sa COVID-19 kapag inalok kayo nito.